**TAKIPSILIM SA KARUNUNGAN**
**ni Marvin A. Villo**

PANDEMYA, isang salita na nagpabago sa buhay ng bawat isa. Makamandag.. nakamamatay at hindi pwede na basta ipagwalang bahala. Ekonomiya ay bumagsak, kabuhayan at ikinabubuhay ay nangawala. Marami ang nawalan ng mahal sa buhay. Marami rin ang nagsasakripisyo upang tugunan at mabigyang solusyon ang problema dulot ng pandemya. Sistema ng Edukasyon ay nabago. Malayo sa nakasanayang paghahatid ng kaalaman at pagkatuto. Mahuhubog pa kaya ang mga pag-asa ng ating bayan gayong may malaking balakid upang ito ay maisakatuparan? Para tayong nangangapa sa dilim kung paano maihahatid ang karunungan sa mga bata. Aandap- andap na pag-asa dahil ang mag-aaral at mga guro sa paaralan ay hindi magkikita.

Lahat ng problema ay maaring magawan ng paraan ayon sa mtobasyon at kagustuhan. Hindi natin pwedeng pabayaan ang mga pag-asa ng bayan sa hinaharap na matulog ang kanilang kaisipan. Pero paano nga gayong mas mahalaga ang kaligtasan ng mga guro lalo na ang mga mag-aaral. Ang Kagawaran ng Edukasyon ay nakaisip ng paraan upang hindi matigil ang karunungan ng mga mag-aaral. Online Class at Modular Distance Learning ang naisip na solusyon sa problemang ito. Online Class? Makakaya kaya ng ating teknolohiya na maihatid ang mabuting serbisyo ng internet? Mga gadget na magsisilbing sandata upang maihatid ang mga kaalaman sa mga mag-aaral? Sa umpisa ay napakaimposible dahil maraming lugar ang mahina ang Internet connection at sa kasamaang palad ay marami ang lugar na deadspot at hindi naaabot ng Internet signal. Dagdag pa rito ang kakulangan ng mga gadget sa mga kapuspalad na mga mag-aaral na imbes nga naman ibili ng mga gadget ay uunahin muna ang pagtugon sa kumakalam na mga sikmura.

Naisip ng Kagawaran ng Edukasyon ang isang makakatulong sa mga mag-aaral sa panahon ng pandemya, ang modular distance learning. Mga piraso ng papel na lubhang napakahalaga, naglalaman ng iba't ibang kaalaman para sa kaisipan ng mga pag-asa ng bayan. Sabi ng iba, "naku pahirap lang yan sa mga magulang at mga mag-aaral dahil hindi naman matututukan ng mga guro sa pag-aaral ang

kanilang mga estudyante" . Dagdag pa rito ay kung paano na matuturuan ng mga magulang ang kanilang mga anak gayong ang ibang magulang ay salat din sa kaalaman dahil hindi nakapag-aral dahil sa hirap ng buhay. At malaking gampanin ang mga serye ng webinars na nakakatulong sa mga guro sa pagtugon sa malaking hamon at pagbabago na ito sa sistema ng Edukasyon.

Hahayaan na lang ba ntin na matigil ang pag-aaral ng mga bata? Hahayaan din ba natin na lamunin ng teknolohiya ang kanilang kaisipan? Mga gadget na maghapong hawak ng mga bata. Mga social media na maghapon o magdamag na nakasubaybay ang mga mag-aaral? Napakasimple ng sagot… Hindi. Isang napakalaking HINDI! Bakit hindi natin gamitin ang teknolohiya sa paghahatid ng kaalaman. Mga resources ng paaralan na pwedeng gamitin sa paggawa ng kaalaman para sa ating mga kabataan. At ang isa sa pinakaimportanteng maghahatid ng mga ito ay mga guro. Apat na letra pero lubhang mahalaga at kahanga-hanga. Bakit ko ito nasabi? Sila ang nagsasakripisyo sa panahong ito ng takipsilim ng karunungan para sa ating mga mahal na mag-aaral. Sila ang nag-aayos ng mga modules at iba't ibang activity sheets para sa mag-aaral. Hindi alintana na baka sila ay mahawa at magkasakit dulot ng nakakamatay na virus maihatid lamang sa bawat barangay o bayan ang mga papel ng karunungan na ito. Maghapong nakatutok sa mga cellphone at laptop makalikha lang ng mga pagsasanay para sa mga bata upang mahasa ang kanilang kaalaman kahit wala sila sa paaralan. Nagsosort hanggang gabi ng mga modules at mga Activity Sheets at isa isang ilalagay sa mga envelop ng mga bata. Umuusok ang cellphone dahil sa maghapong pagtunog ng mga GC o Group Chat na ginawa para sa kanilang mga mag-aaral matugunan lamang ang mga katanungan na makakatulong sa mga mag-aaral kahit hindi nakaharap ang guro at wala sila sa paaralan.

Sa kabilang banda ay napakalaking tulong ng teknolohiya sa panahong ito sa paghahatid ng kaalaman sa mga kabataan. Hindi nga lang katulad ng sila ay nasa paaralan at kaharap ang guro at sa kanila ay nagtuturo. Katulong ng mga guro ang mga magulang sa panahon na ito sa pagtugon sa problema sa sistema ng edukasyon sa panahon na ito. Mga guro na kahit sila ang maulanan huwag

lang ang mga module sa paghahatid ng mga ito sa barangay. Mga magulang na kahit may trabaho ay isisingit ang pagkuha ng mga module para sa kanilang mga anak.


Napakasarap balikan na ang mga panahon na ang mga mag-aaral at mga guro ay sa paaralan nagkikita at hindi sa social media. Ang pagsulat sa pisara ng mga guro ng aralin na isinusulat naman ng mga bata sa kanilang kwaderno. Mga tawanan sa paaralan at pakikilahok ng mga bata sa mga pangkatang gawain na ipinagagawa ng mga guro. Hay… Sana matapos na ang pandemyang ito. Matapos na ang takipsilim sa karunungan. Kaya natin ito kung talagang ang bawat isa ay magkakaisa at magtutulungan. Tiis lang kaibigan at may awa ang Poong Maykapal na gagabayan niya ang bawat isa sa atin at hindi hahayaang magapi ng kamangmangan ang karunungan na ating tinataglay.





3:25
Marvin Villo
bennedick viola
Sonia Austria Rodriguez
anvil portes









HARD COPY
Religions and Belief Systems
MAAM GLORIFER F. QUITAN


HARD COPY
GRADE 7
GRADE 8


1:08
EA (Guest)
Michael Casta?eda
Angelica Capili
William Balala
Larry Espiritu (External)
Sally Feria
Michael Evangelista


9:17
REC
92
Marvin Villo
Anvil A. Portes
Jenifer Mangahas
Sherly Fronda


DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION
ATIONAL TECHNOLOGY
INSET
Teacher Jeff and Teacher May
ons, go to https://tinyurl.com/EdTechInsetQuestions